# QC pinaigting ang kampanya vs polio

Balita · 23 Oct 2019 · 4 · Jun Fabon

Pinaigting pa ng Quezon City Health Department ang kampanya nito laban sa polio sa patuloy na pagbakuna at pagbigay ng impormasyon hinggil sa nasabing sakit.

Ipinatupad ng QC noong Oktubre 14 ang programang "Sabayang Patak Laban sa Polio (Synchronized Oral Polio Vaccination) bilang bahagi ng pagsisikap laban sa muling paglutang ng polio virus sa bansa makalipas ang 20 taon.

Bilang suporta sa national campaign laban sa mataas na infectious virus, sinimulan ng Quezon City ang pagbakuna sa mga bata na may edad na limang taong gulang pababa o 0-59 buwan.

Mula Oktubre 20, ang QC Health Department, ang Department of Health, at kanilang kaagapay na ahensiya ay matagumpay na nabakunahan ang 160,000 bata sa unang round kung saan nasa 60 porsiyento ang pangkalahatang target ng 274,785 mga bata sa lunsod.

"There is more work to be done to ensure that our children are safe from this contagious virus," pahayag ni QC Mayor Joy Belmonte, idiniin na libre ang oral polio vaccines at dapat mabakunahan ang bawat bata.

Patuloy ang house-to-house vaccination efforts, at fixed vaccination areas sa mga barangay , malls, at bus stations sa bisinidad ng Lungsod.

Ang ikalawang sigwada ng pagbakuna ay sa Nobyembre 25 hanggang Disyembre 7, 2019.